**IKAAPAT MARKAHAN : IKAPITONG LINGGO**

I. Layunin

Panglingguhang Layunin

Pang-unawa sa Napakinggan
Nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan.
(F5PN-IVg-h-23)

Wikang Binibigkas
Naipapahayag ang sariling opinion o reaksyon o ideya sa isang napakinggang isyu.
( F5PS-IVb-h-.1)

Kayarian ng Wika
Nagagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa paggawa ng patalastas.
(F5WG-IVg-13.4)

Pag-unlad ng Talasalitaan
Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di pamilyar sa pamamagitan ng paglalarawan. (F5PT-IVd-f-1.13)

Pag-unawa sa binasa
Nakapagbibigay ng sariling kwento na may ilang bahagi na naiba sa kwento.
(F5PB-IVg-17)

Estratehiya sa Pag-aaral
Nagagamit nang wasto ang OPAC.
(F5EP-IVg-9.1)

Pagsulat
Nakasusulat ng iba't ibang bahagi ng pahayagan.
(F5PU-IVe-h-2.11)

Panonood
Nasusuri ang estilo ng ginamit ng gumawa ng maikling pelikula.
(F5PD-IVf-g-19)

**PAUNANG PAGTATAYA**

Gawain: Hulaan Mo

Ayusin ang halu-halong letra upang matukoy ang mga pamilyar at di pamilyar na salita.

1. Pinakamataas na pinuno ng bansa ________________( APUNGOL)
2. Mabagal lumakad na may bahay na dala-dala sa likuran_______(APONGGN)
3. Ito ay reaksyon sa mga nagyayari sa paligid isyu o sa balita ,nagsasaad ito ng opinyon. Bahagi ng isang pahina ng pahayagan . PAHINANG_____(ITODERALY)
4. Sila ang pag-asa ng bayan. ______________(AAAAKBTN)

5. Ito ay nakalimbag na pinagmumulan ng kaalaman . Ito ay binubuo ng mga pahina at mayroong pabalat . _______________( LKATA)

**Unang Araw**

I. Layunin

Naipapahayag ang sariling opinion o reaksyon o ideya sa isang napakinggang isyu.

Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di pamilyar sa pamamagitan ng paglalarawan.

II. Paksang Aralin:Pagpapahayag ng sariling opinyon reaksyon sa napakinggan Isyu.

A. Sanggunian Bagong Filipinosa Salita at Gawa - Wika pahina 3.
F5PS—IVb-h-.1, F5PT-IIVd-f-1.13

B. Kagamitan: balita mula sa aklat

III. Panlinang na Gawain

1 . Pagsasanay

Sabihin kung ang mga sumusunod ay katotohanan o opinyon batay sa sinabi ng tao.

a. “Magiging maunlad ang bansa kung mananalong presidente si Duterte”, ang sabi ng isang supporter ng dating mayor.
b. “ May limang kandidado ng pagkapangulo sa Eleksyon 2016”, ito ang pahayag ng Commision on Election.
c. “Ang kabataan ang pag-asa ng bayan” ,sabi ni Gat Jose Rizal.
d. “ Uunlad ang bansa kung tayo ay magtatrabaho sa ibang bansa” , sabi ng isang OCW sa Middle East?
e. “ Mas mainam mamuhay sa tabing ilog “ sabi ng isang magsasaka.

2 . Balik Aral

Alam mo ba ang paraang ginagawa ng isang mananaliksik / mag-aaral upang makita niya kaagad ang aklat na nais niyang basahin sa isang aklatan?

3. Gawain

A.Pagganyak

Tula

Hanap ,lakad, buklat
Hanap, lakad ,buklat.
Yan ang trabaho ng isang taong
Nagsasaliksik sa aklatan.

Bukas , basa , sara
Bukas , basa, sara
Makita ang hanap na detalye
Kailangan sa pag-aaral.

B . Paglalahad

Bago Makinig

Paghahawan ng balakid
(Pang-upuang gawain)

Panuto. Punan ng angkop na nawawalang titik ang mga sumusunod na pamilyar at di pamilyar na salitang matatagpuan sa kwento,Isulat sa kwaderno.

1. Library catalog na nakakonekta sa internet. O_PA_
2. Lagayan ng aklat sa mga aklatan. _S_T_NT_
3. Pindutin ang keyboard. _ - _ LI_K
4. May tatlong uri nito maaaring pamagat _AR_ CA_ _L_G
   paksa o may-akda. Makikita ito sa mga aklatan.
5. Konektado sa internet _CC_S_

Habang nakikinig

Magbigay ng reaksyon sa bagong teknolohiyang may kaugnayan sa mga aklatan.

Online Public Access Catalog

Alam mo ba ang OPAC ? Ito ay nangangahulugang online public access catalog. Ito rin ay simpleng library catalog kung saan natutukoy mo ang lokasyon ng mga aklat , periodicals, audio visual materials at iba pang bagay na nasa isang aklatan.

Ano ang kaibahan nito sa card catalog? Ito ay may access sa internet na nagiging madaliang paghanap ng mga aklat kumpara sa mga lumang sistema ( Dewey Decimal System). Ito ang electronic na version ng card catalog. Ang paghanap ng aklat ay may sistema na program na basta i-click mo at mahahanap mo ang lokasyon ng aklat sa isang aklatan. Malalaman mo rin kung nasa estante pa ang aklat o may nakahiram na nito.

Wow, ang bilis naman ng proseso! Kaya dapat ang mga aklatan sa Pilipinas gumamit na ng ganitong teknolohiya. Pwede kaya ito, ngayon na.

Subalit ang malaking gastos ng sistemang ito ang malaking hadlang sa malawakang paggamit ng OPAC.

(Isinalin sa wikang Filipino mula sa https://en.wikipedia.org/wiki/List_of_next-generation_library_catalogs)

C . Pagtalakay

Pagkatapos makinig

Sang-ayon ka ba sa ikatlong talata ng binasang sanaysay?

Ito rin ba ang naging reaksyon mo tungkol sa OPAC ?

D.Pagpapayamang Gawain

Ipabasa sa dalawang bata ang usapan.




( Pugad Baboy - http://theculturetrip.com/asia/philippines/articles/pugad-baboy-a-comic-portrayal-of-filipino-foibles/)

Ano ang reaksyon mo tungkol sa makabagong teknolohiyang nababanggit sa usapan? Totoo ba ito? Magbigay ng sariling opinyon tungkol dito.

E. Paglalahat

Tandaan

Ang bawat tao ay may kalayaan ibigay ang opinyon . Ito man ay pabor o hindi pabor, sang-ayon o di sang-ayon . Ang bawat pangyayari o isyu ay pwedeng mahalaga o hindi masyadong mahalaga sa ating buhay .

F. Pagpapahalaga

Kaya mo bang tanggapin ang pagbabago ng ika -21 siglo tungkol sa pag-aaral, pagtatrabaho at pamumuhay ng mga tao?

IV. Pagtataya

Sabihin ang Swak kung sang-ayon at Pak kung di sang-ayon tungkol sa mga isyu nabanggit sa mga sumusunod .

1. Pagtaas ng presyo ng kuryente .
2. Pagdami ng bata sa internet café dahil sa mga on-line games.
3. Pagkakaroon ng 4Ps para sa mga mahihirap na pamilya .
4. Pagbibigay ng scholarship ng gobyerno.
5. Paglutas sa problema sa baha ng pamahalaan.

V. Karagdagang Gawain

Gumupit ng isang balita. Idikit sa kwaderno at magbigay ng opinyon tungkol dito.

**Ikalawang Araw**

I. Layunin: Nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan.

Nakasusulat ng iba't ibang bahagi ng pahayagan.

II. Paksang Aralin: Pagbibigay Lagom o Buod ng Tekstong Napakinggan
Pagsulat ng Iba't Ibang Bahagi ng Pahayagan

A. Sanggunian: F5PN-IVg-h -23, F5PU-IVe-h-2.11
B. Kagamitan: Iathalain "Bakit Hindi Naliligaw ang mga Langgam"
(MISOSA SIM 14 Filipino 5, pahina 2-7, 10)

III. Panlinang na Gawain

1 . Pagsasanay

Magpakita ng pahayagan , mabilisang basahin ng pahapyaw ang nilalaman o bahagi nito .
Ipabigay ang mga bahagi ng pahayagan. Isulat sa tsart.
Bigyan ng bahagi ng pahayagan ang pangkat. Basahin ito at ipaskil ang tamang bahagi ng pahayagan sa pahinang dapat kalagyan nito.

(IM1 - F5PU-IVe-h-2.11)

| Bahagi ng pahayagan | Halimbawa ng pahina ng pahayagan |
|---|---|
| Ulo ng mga Balita |  |
| Pahinang Balita | |
| Pahinang Editoryal | |
| Pahinang Lathalain | |
| Pahinang Sports | |
| Anunsyo Klasipikado | |
| Pahinang Libangan | |

2 . Balik Aral

Sumulat ng balita mula sa mga sumusunod na ulat.

Ano : Pulong ng mga Magulang

Kailan : Lunes Mayo 30

Saan : Mababang Paaralan ng San Jose

Agenda: Darating na bisita mula sa Japan

Pambihirang pangyayari: Paanyaya para sa lahat ng mga pinuno ng bawa't baitang upang magbigay ng kanilang kuru-kuro ukol sa paraan kung paano pakikitunguhan ang bisitang Hapones.

3. Gawain

A . Pagganyak

Kapag nakakita ka ng langgam , ano ang ginagawa mo? Bakit ? May alam ka ba tungkol sa kanila ?

B . Paglalahad

Sabihin sa mga bata na unawain ang lathalain . Magbibigay sila ng buod.
"Bakit Hindi Naliligaw ang mga Langgam"
(MISOSA SIM 14 Filipino 5, pahina 2-3)

Sabihin ang pamantayan sa pagbasa.

Pagbasa ng guro.

Pagbasa ng lahat.

C . Pagtalakay

Pagkatapos Magbasa

Sagutin ang mga tanong .

Ikumpara ang sagot. Wasto ba ang inyong sagot?

D . Pagpapayamang Gawain

Balikan ang lathalain. Bigyan ng buod o paiikliin ang talata 1 – 3.

E . Paglalahat

Isaisip mo
(MISOSA SIM 14 Filipino 5, pahina 5)

IV . Pagtataya

Balikan ang lathalain . Isulat mo ang buod ng talata 4 at 5.

V . Karagdagang Gawain

Basahin ang talata . Isulat sa inyong kwaderno ang buod nito.

(Subukin Mo B , MISOSA SIM 14 Filipino 5, pahina 10)

**Ikatlong Araw**

I. Layunin: Nagagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa paggawa ng patalastas.

Nakapagbibigay ng sariling kwento na may ilang bahagi na naiba sa kwento.

II. Paksang Aralin

Paggamit ng Iba't ibang Uri ng Pangungusap sa Paggawa ng Patalastas

Pagbibigay ng Sariling Kwento na may ilang Bahagi ang Naiba sa Kwento

A. Sanggunian Bagong Filipino sa Salita at Gawa- Wika pahina 4
Hiyas sa Wika pahina 194
F5WG-IV-g-13.4, F5PB-IVg-17

B. Kagamitan: Sanaysay, " OPAC"
You tube(video clip https://www.youtube.com/watch?v=4oBdBqdjRJQ)

III. Panlinang na Gawain

1 . Pagsasanay

Pagpapakita ng video clip ng isang patalastas na may ibat-ibang katapusan ayon sa spoof commercial ng Bubble Gang ( Mc Donald).

2 . Balik Aral

Anong uri ng patalastas ang ipinakita sa video clip ? Nakakatuwa ba ito? Mayroon ba itong bahagi na naiiba sa orihinal na patalastas ng McDonald.

3. Gawain

A . Pagganyak

Balikan ang sanaysay sa unang araw . Magbigay ng isang pangungusap na pasalaysay, patanong, pautos, at padamdam mula sa sanaysay na binasa. Anong bantas ang makikita sa pangungusap na patanong ? padamdam? pautos? pasalaysay?

Online Public Access Catalog


Alam mo ba ang OPAC ? Ito ay nangangahulugang online public access catalog. Ito rin ay simpleng library catalog kung saan natutukoy mo ang lokasyon ng mga aklat , periodicals, audio visual materials at iba pang bagay na nasa isang aklatan.

Ano ang kaibahan nito sa card catalog? Ito ay may access sa internet na nagiging madaliang paghanap ng mga aklat kumpara sa mga lumang sistema ( Dewey Decimal System). Ito ang electronic na version ng card catalog. Ang paghanap ng aklat ay may sistema na program na basta i-click mo at mahahanap mo an lokasyon ng aklat sa isang aklatan. Malalaman mo rin kung nasa estante pa ang aklat o may mga nakahiram na nito.

Wow, ang bilis naman ng proseso! Kaya dapat ang mga aklatan sa Pilipinas gumamit na ng ganitong teknolohiya. Pwede kaya

B . Paglalahad

May mga ekspresyong maari mong gamitin sa pagsulat ng anunsyo o patalastas . Gusto mo bang malaman ito. Ilagay ito sa World Map . Isulat sa kwaderno.
(MISOSA SIM 19 Filipno 5, pahina 6)




1. ATENSYON! Nangangailangan ng….
2. Marunong ka bang magpinta…..
3. Sa lahat ng interesado….
4. Halinang sumali….
5. Balita…. Balita….
6. Natagpuang aklat….
7. Sumali…. sumali….

C . Pagtalakay

Alin sa mga ekspresyon ang pangungusap na patanong, pasalaysay, padamdam at pautos?

Kung ikaw ay susulat ng patalastas ,paano mo ito isusulat?

D . Paglalahat

Tandaan ( Bagong Filipino sa Salita at Gawa- Wika pahina 4)

Tandaan( Hiyas sa Wika pahina 194)

E . Pagpapayamang Gawain

Hayaang mag-usap ang magkatabi.Gamit ang ekspresyong 1 ( pangungusap na padamdam) , 2 (pangungusap na patanong) 3 ( pangungusap na pasalaysay) at 4 (pangungusap na pautos) gumawa ng anunsyo o patalastas at iparinig sa klase.Pumili ng dalawa upang makalikha ng dalawang patalastas ang bawat pares.

F. Pagpapahalaga

Mahalaga ang detalyeng isinasaad ng isang patalastas. Ano ang nararapat mong gawin kung nakakabasa o nakakarinig ka ng isang patalastas?

Ano ang isinasaad ng tandang padamdam? tandang pananong? Ang salitang kilos sa pangungusap na pautos ? Ang detalye sa pangungusap na pasalaysay?

IV . Pagtataya

Anong ekspresyon ang gagamitin mo sa mga sumusunod na patalastas na iyong gagawin?(tingnan ang world map)

1. Umalis na ang inyong kasambahay at wala ng mag-aalaga sa bunso mong kapatid. Ang iyong mga magulang ay parehong naghahanapbuhay.
2. Nakapulot ka ng aklat sa kantina.
3. Magkakaroon ng paligsahan sa paggawa ng poster .
4. May magaganap na camp sa distrito para sa mga batang iskawt.
5. Isang nakakagimbal na balita ang nangyari sa inyong barangay.

V . Karagdagang Gawain

Gawin ang Subukin (MISOSA SIM 19 Filipino 5, pahina 9)

**Ikaapat na Araw**

I,Layunin : Nagagamit nang wasto ang OPAC.

Nasusuri ang estilong ginamit ng gumawa ng maikling pelikula.

II: Paksang Aralin: Paggamit nang wasto ng OPAC

Pagsuri ng Estilong Ginamit ng Gumawa ng Maikling Pelikula

A..Sanggunian F5EP-IVg-9.1, F5PD-IVf-g-19

B.Kagamitan: video clip(OPAC Pustaka Negeri Sarawak in Malaysia}
https://www.youtube.com/watch?v=-0ACv7pcdAY

III. Panlinang na Gawain

1 . Pagsasanay

Ano ang OPAC? Ano ang kaibahan nito sa card catalog?

May alam ka bang aklatang gumagamit na ng electronic card catalog?

2.Balik-aral

Paano mo isasagawa ng tama ang iyong pag-aaral upang makamit ang iyong pangarap kahit na hindi mo kayang bumili ng mamahaling mga aklat?

3.Gawain

A . Pagganyak

Gusto mo bang malaman kung paano ka makakapaghanap ng aklat kahit nasa labas ka ng aklatan? Tingnan natin ang OPAC Pustaka Negeri Sarawak sa Malaysia.

B. Paglalahad

Pagpapakita ng video clip.(https://www.youtube.com/watch?v=-0ACv7pcdAY)

C.Pagtalakay

Ipabasa muna ang mga gabay na tanong bago ipakita ang video. Ilagay ito sa manila paper . (IM 2- F5EP-IVg-9.1) Sagutin ang mga tanong pagkatapos ng panonood pwedeng balikan ang bahagi ng video para sa paglilinaw.

1.Anong hawak ng lalaki sa video sa umpisa ng pelikula / video clip habang nasa labas ?

2. Anong web site ang hinanap ng lalaki?

3. Pagkatapos i-click ang OPAC anong pagpipilian ang lumabas? Naroon ba ang Pustaka Miri na kabilang sa Sarawak na gumagamit ng Angkasa System?

4. Anong pangalan ng aklat na hinahanap sa video? Pagkatapos bang i-click ay nakita na ang lokasyon ?

5. Nakita rin ba kung nasa estante at hindi pa nahiram ang aklat?

6. Anong inilista ng lalaki sa video bago magtungo sa aklatan?

7. Nahanap niya ba kaagad ang aklat? Nakatipid ba ng panahong ginugol sa pagtungo sa aklatan?

8. Kung ikaw ang tatanungin , sang-ayon ka ba sa ganitong uri ng sistema sa mga aklatan? Bakit ? Bakit hindi?

D . Pagpapayamang Gawain

Balikan ang spoof commercial ng Bubble Gang McDonald at ang OPAC video clip mula sa you tube.

Ikumpara ang paraan o estilong ginamit ng kumuha ng video. Ano ang layunin ng kumuha at gumawa ng spoof commercial? Suriin ang estilo. Anong layunin ng gumawa ng OPAC video clip? Magkatulad ba ng estilo ? Sa paanong paraan?

**Pangkatang Gawain**

Suriin muli ang video clip ng OPAC , palagi bang okey kung ito ang gagamitin mong paraan ng paghanap ng aklat? Kung mahina ang internet connection ano ang magiging epekto nito sa iyong ginagawang paghahanap.

E . Paglalahat

Tandaan

1. Ang estilo ng pelikula / video ay maaring upang mang-aliw , magbigay impormasyon , o pukawin ang damdamin ng manonood.
2. Ang paggamit ng teknolohiya ay may mabuti at di-mabuting epekto . hindi laging okey ang koneksyon sa internet, minsan ay may problema din sa elektrikal na suplay. Higit sa lahat may karagdagang gastos ang paggawa ng sistemang OPAC.

IV. Pagtataya

Piliin ang mga salita ang nakita sa video na may kaugnayan sa paggamit ng OPAC.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Click | Facebook | Call number | |
| Title | Twitter | Item | Registered members |

V. Karagdagang Gawain

Magbigay ng mga pelikulang nagpapatawa sa pang-aaliw at pelikulang nagbibigay ng impormasyon sa ating kasaysayan gaya ng spoofed commercial at OPAC video.

**Ikalimang Araw**

I. Layunin : Nakasasagot sa mga tanong sa isang lingguhang pagsusulit

II. Paksang Aralin : Lingguhang Pagsusulit

III. Gawain

A. Sabihin ang iyong reaksyon sa panukala ng ilang mambabatas na tuluyang ipinagbabawal ang pagtotroso o pagputol ng mga puno. Sang-ayon ka ba? Bakit ? Bakit hindi? ( 5 puntos) Isulat sa papel ang iyong kasagutan.

B. Mula sa Talambuhay ni Andres Bonifacio pakinggan ito at piliin ang buod ng bawat talata nito.Pagsanayan Mo ( MISOSA SIM 14 Filipino 5, pahina 7)

C. Tingnan ang anunsyo ibaba . Punan ang nawawalang salita upang maging angkop sa mga ekspresyon ng patalastas.




Ikaw _ a ay malusog _

M _ _ b _ _ _ y ng dugo ng buhay para sa iyong kapwa_

Sali na ! Tara na _

Makipag-ugnayan sa Red Cross

Sa Lunes , Mayo 30, Ever Gotesco Mall Monumento ,Caloocan City

C. Alalahanin ang OPAC video clip. Kung ikaw ang magbibigay ng pagbabago sa kwento nito, aling bahagi ang papalitan mo upang maging katawa-tawa ito. Ipaliwanag ang bahagi ng video at ang panibagong kwento . Isulat ang bagong iskrip o kayay ang sitwasyon . (Gawing basehan ang ginawang spoofed ng Bubble Gang sa McDonald commercial ).